## Ang Pag-oorganisa ng Kaganapan ng Laudato Si

Ang mga kaganapan ng comunidad ay nagbibigay ng mga pagkakataon na tayo ay magsams-sama , pinalalago ang ating pakikipag-ugnayan sa ating Manlilikha , sa isa'tisa at sa lahat ng nilikha. Kung pipillin ninyong mag-organisa ng personal o virtual na kaganapan , makatutulong sa inyo ang gabay na ito upangmaging matagumpay ang inyong kaganapan.

### Mga Uri ng kaganapan

Ang bawat kaganapan ay may pagtutuunan . Makakatulong kung isasaalang -alang ang mga pangkalahatang uri ng kaganapan na pinangunahan na ng iba tulad ng mga kaganapan na nagbibigay tuon sa ispiritwal na pagpapalago , pagbabago sa mga pamamaraan ng pamumuhay at pakikipag-ugnayan sa patakaran.

*Mga Kaganapang Ispiritwal*

Para sa iba , ang kaganapan na nakatuon sa ispiritwal na pagpapalago ay makabubuo ng bigkis ng komunidad , habang binabago natin ang ating puso at isipan upang yakapin ang higit pang pagmamahal sa Diyos , sa kapwa at sa lahat ng nilikha . Ang mga halimbawa ng mga kaganapang ispiritwal ay ang pagdaraos ng Misa sa labas o gawaing pananalangin , paglalakad sa kalikasan o pilgrimage , pagbabasa ng Laudato Si Chaplet sa kalikasan nanalangin , , pagsasama ng Laudato Si sa mgahomiliya o sermon Pga-aaral ng Bibliya , pagdaraos ng Pagdiriwang ng Panahon ng Paglikha o kaya ay ang pagbabasbas sa mga lugar s alabas bilang pook ng panalangin at meditasyon.

*Mga Pagkilos na Kaganapan*

Maraming komunidad ang nagdadaos ng mga kaganapan na may konkretong gawain upang pangalagaan ang kalikasan . Ang mga halimbawa ng mga kaganapan ay pagtatanim ng mga puno , paglilinis sa komunidad , pagtatanim sa halamanan ng , pagpapalitan ng mga damit o halaman , programa ng pagre-recycle at kaganapang pang-edukasyon na may tema ng Laudato Si

*Kaganapan ng mga Patakaran*

Maraming komunidad ang nagdadaos ng kaganapan upang masuri ang mga pampublikong patakaran na nagtataguyod ng sustenable at pantay-pantay na pag-unlad. Ang mgahalimbawa ng mga kaganapang adbokasiya ay ang pakikilahok sa mga public walks para sa pagtataguyod sa mga isyu , pagdadaos ng mga programang paglagda , pakikipagpulong sa mga lokal na tagapagpasiya at pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng lokal na media sa isyu ng interés.

### Mga Hakbang sa matagumpay na kaganapan

SA pagpaplano ng inyong mga kaganapan , maaaring isaalang -alang ang mag sumusunod na hakbang :

*Tukuyin ang inyong mga layunin*

Napakahalaga ng pagkakaroon ng malinaw na layunin o ang inyong kaganapan ay mahalaga upang matamo ang mga inaasahang mangyari .Tukuyin ang pangangailangan o isyu na nais ninyong matugunan . halimbawa , maaari ninyong matukoy ang kawalan ng kaalaman sa Laudato Si , isang oportunidad upang magkaroon ng mas matibay na pakikipag-ugnayan o polusyon ng plastik. Makipagtulungan sa iba upang matukoy kung paanong matutugunan ng kaganapan ang mga paghamon na ito.

*Bumuo ng grupo at ng isang plano*

Ang maliit na grupo ay makatutulong sa pagbabahagi ng mga kaisipan at ang pagsisikap sa pag-oorganisa ng isang kaganapan .Tiyakin na isasama ang iba-ibang miyembro ng komunidad . sama-samang magtrabaho upang matukoy ang petsa , ang pagdarausan ng kaganapan , ang mga taong nais ninyong anyayahan , ang mag kailangan na materyales at isang lugar na maaring gamitin kung sakaling hindi maging maganda ang panahon para sa isang kaganapan na idadaos sa labas. Tiyakin na ang bawat isa ay may gampanin at may malinaw na na reponsibilidad . Kung nararapat magtulungan upang makausap ang pinuno ng inyong Parokya , paaralan , organisasyon o anumang katulad nito upang maipaliwanag ang inyong ideya at makakuha ng permiso.

*Bumuo ng programa ng kaganapan*

Bumuo ng programa na may kaugnayan sa tema at /o ng inyong nakabalangkas na mga layunin . Ang iinyong kaganapang Laudato Si ay dapat na may panalangin para sa kalikasan o pagbabasa ng Laudato si upang maitakda ang intensyon para sa araw na iyon. Maaaari Kang pumili ng mga babasahin sa Laudato Si.

*Maghanap ng pagdadausan ng kaganapan*

Ang mga kaganapang Laudato Si ay higit na nararanasan sa kalikasan halimbawa sa mga parke , halamanan , kagubatan para sa pagbibigay diin sa pakikipag-uganyan sa kalikasan. Kung pipili ng lugar na pagdadausan ng kaganapan pumili ng lugar na madaling mapuntahan ng mga taong aanyayahan na dumalo . Kung ang kaganapan ay online , pumili ng kagamitan na madaling mapuntahan at magamit . Depende sa lokal na konteksto , maaaring hingian kayo ng permiso at insurance coverage ng kaganapan , tiyakin na nakasusunod kayo sa mga lokal na regulasyon.

*Mag-anyaya ng tao Invite people*

Magsimulang ipaalam at palaganapin ang inyong kaganapan dalawang linggo hanggang isang buwan bago ang petsa ng kaganapan. Mag-anyaya sa maraming

pamamaraan , tulad ng pagtatalaga ng bawat miyembro ng inyong grupo ng isang talaan ng mga taong aanyayahan upang makontak nang personal Ipaalam ang iyong kaganapan sa mga pagpupulong ng mga organisasyon , pagpapalathala ng imbitasyon sa social media , at sa mga paskilan at pakikipag-ugnayan sa mga misyon/ departamento / ministri . Sa bawat anyo ng pag-anyaya isama palagi ang oras , petsa at lugar ng kaganapan impormasyon hinggil sa pagpaparehistro at maikling pangkalahatang pananaw kung ano ang mga mangyayari sa kaganapan . TIyakin na magsasagawa ng pag-abot sa mga inaanyayahan nnang maraming beses dahil mas madalas na kailangang paulit -ulit ang pag-anyaya bago makasagot ng pagdalo ang mga inaanyayahan.

*Magpaalala*

Pasalamatanang mga inaanyayahan. Kung maari, padalhan sila ng komunikasyon na nagpapaalala upang maibahagi ang mga inaasahan sa kaganapan .at hikayatin sila na magsagawa ng higit pang pagkilos . Kung nararapat , ibahagi sa mga pari ng parokya o sa iba pang mga pinuno ang mga inaasahan na mangyayari sa kaganapan.